# IPAGDIWANG ANG 27 TAONG REBOLUSYONARYONG PAKIKIBAKA; LUBOS NA MAGPUNYAGING ISAKATUPARAN ANG MGA TUNGKULING ITINAKDA PARA SA 1996

Pahayag ni Armando Liwanag

Tagapangulo, Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas

26 Disyembre 1995

Sa ngalan ng Komite Sentral, nais kong ipaabot ang pinakamaalab na pagbati sa lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido sa pagdiriwang ng ika-27 anibersaryo ng muling pagtatatag ng mahal nating Partido sa teoretikong pamamatnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Bumabati kami sa inyong umaapaw at matunog na tagumpay sa ikalawang dakilang kilusan sa pagwawasto. Dakilang tagumpay na ang mismong pagkakalunsad at pagpapatuloy ng kilusang pagwawasto mula 1992. Naitaas natin ang pagkakaisa at kakayahan ng Partido at mamamayan sa bago at mas mataas na antas ng paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka alinsunod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa pangkalahatang linya ng bagong-demokratikong rebolusyon.

Nagkamit tayo ng maniningning na tagumpay sa mga larangan ng ideolohya, pulitika at organisasyon sa takbo ng pagsasakatuparan sa buhay-at-kamatayan at malikhaing mga tungkulin ng kilusang pagwawasto. Bunga nito, ang ating Partido'y muling sumisigla at lumalakas sa pagtupad ng lahat ng saligang tungkulin sa pambansa-demokratikong rebolusyon at sa pagsagpang sa mga bentaheng dulot ng lalong lumalalang krisis ng lokal na naghaharing uri at ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Pinagtitibay nating muli ang mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido bilang abanteng destakamento ng proletaryado at tinutukoy, pinupuna, itinatakwil at ginugupo ang mayor na mga pagkakamali _ ang rebisyonismo, subhetibismo at oportunismo _ na umuk-ok at nagpahina sa Partido at buong rebolusyonaryong kilusang masa.

Sa pamumuno ng Partido, higit na may kapasyahan ang sambayanang Pilipino at ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa na labanan ang rehimeng US-Ramos at ang buong naghaharing sistema ng mga uring malaking komprador-burges at panginoong maylupa na naglilingkod sa mga imperyalistang US, Hapones at iba pa.

May kapasyahan tayong lubos na isakatuparan ang kilusang pagwawasto. Sa susunod na mga taon, magagawa natin ang higit pang malalaking hakbang sa pagsasakatuparan ng mga tungkulin ng kilusang ito. Nananawagan ang Komite Sentral sa buong Partido na gawing patnubay ang pagsusuri at mga tungkuling tinukoy nitong nakaraang Hulyo. Mula noon, malaki pa ang isinulong ng Partido.

## Matutunog na tagumpay ng kilusang pagwawasto

Ang Partido ay nagkamit ng isang dakilang tagumpay sa pagtataguyod, pagtatanggol at pagsusulong sa Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang kanyang teoretikong sandata upang bakahin ang rebisyonismo at sarisaring anyo ng subhetibismo at oportunismo sa loob ng

Partido at upang biguin ang antikomunistang ideolohikang opensiba ng mga imperyalista, lokal na reaksyunaryo at mga espesyal na ahente nila.

Bunga ng kilusang pagwawasto, nakamit natin ang isang mataas na antas ng ideolohikang pagkakaisa ayon sa Marxismo-Leninismo-Maoismo. Nagkakaunawaan ang mga kadre at kasapi ng Partido na ang matibay na ideolohikang pundasyon ang tumitiyak sa tagumpay ng bagong-demokratikong rebolusyon at—kasunod nito—sa sosyalistang rebolusyon hanggang marating ang komunismo.

Ang proseso sa pagpapalakas sa ideolohya ay masiglang sumusulong sa pamamagitan ng paglalagom at pagsusuri ng rebolusyonaryong praktika, pagpuna at pagtatakwil sa mga tunguhing rebisyonista at subhetibista na dating pinalaganap ng mga taksil.

Binibigyan ng papalakas na diin ng Partido ngayon ang pagpuna sa mga natitirang impluwensya ng mga maling tunguhin at pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat, paglalagom at pagsusuri sa kasalukuyang gawain at mapagkasamang pagpupunahan at pagpuna-sa-sarili. Ang matagal nang tumatakbong malalaking pagkakamali ng mga taksil at ayaw-magwastong oportunista ay sapat nang natukoy, napuna at naitakwil at ang pinakamasasahol na taksil ay lubusan nang napanaigan sa pamamagitan ng pagpuna at pagtatakwil gayundin ng paglalantad nila sa sarili. Sa patnubay ng mga dokumento ng pagwawasto na inilabas ng Komite Sentral, ang mga nakabababang organo at yunit sa kanikanilang saklaw ay gumagawa ng sariling kolektibong paglalagom at pagsusuri ng karanasan at ng pagpupunahan at pagpuna-sa-sarili. Ipinalalaganap ng Komite Sentral ang ilan sa mga dokumento sa pagwawasto na binalangkas ng mga organong nakabababa at ilan sa mga ito ang inilathala sa Rebolusyon.

Sa bawat antas, ang Partido ay nasa takbo ng pagpapalalim at pagtataas ng antas sa pag-aaral ng sariling rebolusyonaryong karanasan. Yaong mga nauuna ay pinaaalalahanan na huwag maging pabaya. Walang katapusan ang proseso sa pag-aaral at patuloy na pag-aaral. Ito'y walang tigil na proseso sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kaalaman batay sa rebolusyonaryong praktika.

Pinapatingnan ng Komite Sentral sa mga nakabababang organo at yunit ang panloob na mga dahilan ng pagkakamali at pinsala samantalang tinitingnan naman ng mga dokumento sa pagwawasto ang mga dahilan ng mayor na pagkakamali sa nakatataas na mga antas. May dialetikong ugnayan ang pananagutan ng mga nakatataas at ng mga nakabababang organo.

Ang buhay na pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa pamamagitan ng paglalagom at pagsusuri ng ating rebolusyonaryong karanasan at ng pag-aaral sa mga dokumento ng pagwawasto ay tumpak lamang na mauna sa mga pormal na kurso sa pag-aaral. Katunayan ang buhay na pag-aaral na ito'y karapatdapat upang pagyamanin at pasiglahin ang mga pormal na kurso sa pag-aaral.

Ang batayang kurso sa pag-aaral ng Partido ay masigasig na ipinalalaganap kasama ng mga ispesyal na kurso sa bawat linya ng gawain ng mga kinauukulang kasapi ng Partido. Ang mga akda ng dakilang komunista at iba pang aralin ay isinasalin sa Pilipino at iba pang mayor na wika sa bansa, pinararami at pinalalaganap. Binabasa at pinag-aaralan ang mga ito ng mga kadre at kasapi. Lahat ng kadre at kasapi ay pinapagbabasa at pinapag-aaral ng mga ito bago pa man dumalo sa mga pormal na pag-aaral ng mataas na kurso ng Partido. Nauuna ang ilang organo at yunit sa pagpapalakad ng intermedya at abanteng kurso sa pag-aaral. Sa karampatang panahon, higit na palalawakin ang pag-aaral ng mga kursong ito.

Nagsisigasig ang mga organong kinauukulan upang pangibabawan ang dating pagkaaantala sa pagsasanay ng mga instruktor at paghahanda ng mga aralin para sa mga kurso ng Partido. May kapasyahan tayong pabilisin ang gawaing ito. Pinupuri natin ang mga panrehiyong komite at mga yunit ng Partido sa kabataan at kababaihan sa kanilang inisyatiba sa pagdaraos ng mga kurso sa pag-aaral sa sarisaring antas.

Binibigo ng Partido ang opensibang ideolohika ng imperyalismo at mga lokal na reaksyunaryo at isinasagawa ang kontraopensiba. Sa pamamagitan ng masigasig na dalawang-linyang pakikibakang ideolohika, napalitaw at naitakwil ng Partido ang mga rebisyonista at ayaw-magwasto at sagadsaring oportunista. Higit pa, ang pakikibakang pang-ideolohya ay ipinaaabot sa mga petiburges na antikomunistang maliliit na grupo na matagal nang nakikipagkutsabahan sa mga sagadsaring oportunista at rebisyonistang taksil.

Buong talinong pinatutunayan ng Partido ang pangangailangan ng namumunong-papel ng proletaryado sa walang-tigil na rumaragasang pakikibakang antiimperyalista at makauri. Patuloy nitong isinasanib sa sariling programa ang mga suliranin ukol sa karapatang-tao, kaunlaran, kapaligiran, kababaihan, kabataan, etnikong minorya, kapayapaan, lipunang sibil at mga katulad pa na ibig gamitin ng mga antikomunistang maliitang grupo laban sa Partido at sa bagong-demokratikong rebolusyon. Ang mga pipitsuging pangkat na ito'y itinutulak at tinutustusan ng mga imperyalistang ahensya sa pondo na maglunsad ng kampanyang antikomunista.

Sa pandaigdigang kilusang komunista, mataas ang pagtingin sa ating Partido dahil sa matatag nating paninindigan sa Marxismo-Leninismo laban sa makabagong rebisyunismo, sa mga tagumpay natin sa rebolusyonaryong pakikibaka at sa kasalukuyan nating kilusang pagwawasto. Sa larangang internasyunal, tampok ang Partido natin sa pagtataguyod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at mithiing sosyalista at sa pagbaka sa makabagong rebisyunismo at antikomunistang opensibang ideolohika ng mga imperyalista. Sa diwa ng proletaryong internasyunalismo, mapagkumbabang ihinahapag natin ang ating rebolusyonaryong praktika at mga idea sa mga pakikipagpalitan at kritikal tayong natututo sa ibang mga partido at kilusan.

Natututo ang Partido mula sa buong saklaw ng mga saligang turo at karanasan ng dakilang mga komunistang pensador at lider tulad nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao at pangunahing nagdidiin sa pagkatuto ng mga saligang prinsipyo at saligang tagumpay sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa nakaraan at pag-aaral kung paano dadalhin sa panibagong pagsulong ang pandaigdigang rebolusyong proletaryo at ang kilusang antiimperyalista.

Higit na mahigpit na nating naisasanib ang unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas at kongkretong rebolusyonaryong praktika. Ang Partido ay nagkamit ng dakilang pampulitikang tagumpay sa muling pagpapatibay at pagpapatalas sa pagsusuri sa Pilipinas bilang lipunang malakolonyal at malapyudal at masigasig na pagsasakatuparan ng bagong-tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng proletaryado at may sosyalistang perspektiba.

Nagagapi na ng Partido ang mga linyang "Kaliwa" at Kanang oportunista na nagmula sa maling interpretasyon sa lipunang Pilipino, lalo ng ekonomya nito. Naitatakwil na natin ang sarisaring sibol-imperyalista at lumang petiburges na mga isip na ikinadidiskaril ng rebolusyon at nag-uudyok ng pagsuko at pakikisabwat sa mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo.

Inaatasan ng Partido ang lahat ng kadre at kasapi na magsagawa ng panlipunang pagsisiyasat bilang batayan ng rebolusyonaryong gawain sa sarisaring antas. Sa gayon, pinalalalim at pinalalawak natin ang pagsusuri sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Ang mga "Kaliwa" at Kanang oportunista ay kapwa dogmatiko at walang kritikal na pag-unawang gumagamit ng mga modelo at ideang dayuhan.

Sa kanilang obsesyong pangatwiranan ang kanilang pagbabaseng-lunsod, ang mga "Kaliwa" at Kanang oportunista, ayon sa pagkakasunudsunod, ay nagtaguyod sa insureksyunismong-lunsod at repormismo bilang pangunahing salik ng rebolusyon; at kapwa nilang ikinikredito sa pasistang diktadurang US-Marcos ang umano'y industrialisasyon at urbanisasyon ng Pilipinas sukat na "napawalang-bisa" na nito ang matagalang digmang bayan.

Katunayan ay pinalubha at pinalalim ng pasistang diktadura ang malapyudal at preindustrial na katangian ng ekonomya. Ang populasyon ng Metro Manila at mga panlalawigang lunsod ay tumaas mula 19.8 porsyento noong 1961 tungong 21 porsyento noong 1990. Ang empleo sa sektor industrial na salalay-angkat ay umiikot sa 15 porsyento. Sa sektor sa pagmamanupaktura, sa partikular, ito'y bumaba mula 12.1 porsyento noong 1960 tungong 9.7 porsyento noong 1990.

Hinihingi ng rebolusyonaryong makauring linya ng Partido sa bagong demokratikong rebolusyon ang pagtataguyod at pagpapatupad sa makauring pamumuno ng proletaryado, pagsalalay nang pangunahin sa uring magsasaka, pagkakamit ng pagpanig ng petiburgesyang-lunsod bilang saligang uring rebolusyonaryo at ng pambansang burgesya bilang dagdag na positibong pwersa at pagsasamantala sa mga hidwaan ng mga reaksyunaryo upang ibukod at gapiin ang kaaway, na ngayo'y ang rehimeng US-Ramos.

Matatag na tangan ng Partido ang sandatahang pakikibaka at ang nagkakaisang prente bilang mga sandata sa rebolusyonaryong pakikibaka. Sandatahang pakikibaka ang pangunahing anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka. Ito ang sandata para ibagsak ang kontrarebolusyonaryong estado. Pumapangalawang anyo ang legal na pakikibaka subalit ito ay mahalaga at lubos na kailangan para isulong ang rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka.

Matatag na tumatalima ang Partido sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Ito ang linya ng pagkubkob sa mga lunsod mula sa kanayunan hanggang makakaya nang agawin ang mga lunsod.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay panibagong inililinya, sinasanay at itinatalaga upang likhain ang patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa para sa malawak at sinsin na pakikidigmang gerilya sa yugto ng estratehikong depensiba ng digmang bayan. Sa bawat larangang gerilya, ang lundo ng grabidad ay may hindi humihigit sa 30 porsyento ng Pulang mandirigma at ang mga yunit na nakakalat ay bumubuo ng dikukulangin sa 70 porsyento, na may mga iskwad na karaniwang sumasaklaw sa buubuong munisipalidad at naghahatihati sa mga armadong pangkat-propaganda.

Ang karaniwang larangang gerilya ngayon ay sumasaklaw sa isang distritong kongresyunal o katumbas at may kabuuang pwersa ng isang kompanyang BHB. Ang natitirang iba pang kompanya ng larangang gerilya ay mas malawak na itinatalaga upang umatupag sa gawaing masa kaysa sa mga kompanyang lundo ng grabidad.

Nalampasan na ng ilang larangang gerilya ang dati nilang laki noong 1992 at sa iba't ibang saklaw ay nababawi na ang baseng masa at purok na dating nawala dahil sa "Kaliwang" oportunistang linya ng adelantadong regularisasyon, insureksyunismong lunsod at

militarismo, sa tulak ng dating linyang "estratehikong kontraopensiba" ng sentral na liderato at linyang "pulang purok-puting purok" ng Komisyong Mindanao. Sa iba pang larangang gerilya ay bumagal ang pagbaba ng baseng masa. Kasabay nito, lumilitaw ang mga bagong larangang gerilya sa unang pagkakataon o panibagong lumilitaw sa mga lugar na dati'y nawala nang higit na lima o kahit pa sampung taon.

Upang palawakin ang baseng masa, ang mga sandatahang pangkat propaganda ay kalahok sa iba't ibang aktibidad tulad ng pagpapakilos ng mga kontak, pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat, pagbubuo ng mga grupong pang-organisa ng mga mamamayan at paghirang ng mga komiteng pang-organisa ng baryo. Upang mapatatag ang mga baseng masa, ang sandatahang pangkat sa propaganda ay nagbubuo ng mga organisasyong pangmasa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, bata at aktibistang kultural; pumapatnubay sa mga kinatawan ng mga organisasyong pangmasa upang maghalal ng rebolusyonaryong komite ng baryo at magbuo ng mga komiteng gumaganap ng sarisaring tungkulin sa pamamahala; magsulong ng mga kampanyang pangmasa at magsanay ng milisya at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili.

Ang bilang at dalas ng mga taktikal na opensiba ng BHB ay untiunti nang tumataas. Sa ilang panahon, dahil sa matagal na tumakbong pamiminsala sa baseng masa at sa epekto nitong pagkadala ng masa na ikinahihirap ng pagtatayo ng baseng masa sa kilusang pagwawasto ay nagkaroon ng tunguhing pabagal ang mga taktikal na opensiba. Subalit ang muling pagtatayo ng baseng masa ang susi sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba na kaya nating ipagwagi at isustini. Sa dahilang ito, sadyang pinasusuntok ng BHB sa hangin ang mga pwersa ng kaaway sa ilang lugar at sa ilang panahon. Kaalinsabay, ang reaksyunaryong rehimen at ang burges na midya sa pamamahayag ay binabara ang impormasyon tungkol sa matatagumpay nating opensiba upang palitawing pawala na ang mga rebolusyonaryong pwersa.

Isang katangitanging kampanyang pulitiko-militar na inilunsad ng BHB na di pinansin ng reaksyunaryong mga pahayagan ay ang implementasyon ng Partido sa patakaran nitong ipagbawal sa Mindanao at iba pang lugar ang pagtotrosong pang-eksport. Subalit sa pangkalahatan, ang reaksyunaryong mga pahagayan ay di pinapansin ang mga aksyon ng BHB kaugnay ng pagsupil sa masasamang elemento sa takbo ng pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa at pagsasagawa ng mga kampanya sa reporma sa lupa.

Sa mga lugar sa kalunsuran, sumusulong ang legal na demokratikong kilusang masa. Ang mga organisasyong masa ng mga manggagawa, maralitang-lunsod, kababaihan, kabataan, guro, manggagawang kultural, aktibista sa karapatang-tao, manggagawang pangkalusugan at iba pang sektor ay nagpapanibagong-sigla at lalo pang nagpapalakas. Ang kanilang mga alyansang sektoral at multisektoral ay nagsisilunsad ng mga kampanyang masa alinsunod sa pambansa-demokratikong linya laban sa naghaharing sistema ng rehimeng US-Ramos.

Lumalawak at tumitindi ang mga pangmasang aksyon sa pagprotesta. Hinaharap ng mga ito ang mga saligang usapin laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at ang mga partikular na patakaran na nagpapalala sa pang-aapi at pagsasamantala sa mga mamamayan. Katulad din sa rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka, ang mga taktika ng nagkakaisang prente ay ginagamit sa legal na demokratikong kilusan at upang pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan.

Ang mga makabayan at progresibong pwersa ay handang ipagdiwang ang sentenyal ng lumang demokratikong rebolusyon ng 1896 hanggang sa rebolusyonaryong pagtatanggol laban sa digmang pananalakay ng US mula noong 1899. Inilalagay nila ang diin sa

rebolusyonaryong esensya ng lumang demokratikong rebolusyon at ang ugnay nito sa antiimperyalista at antipyudal na bagong demokratikong rebolusyon kaiba sa reaksyunaryong pagdidiin sa 12 Hunyo 1898 na proklamasyon ng "kasarinlan" sa ilalim ng "matayog na pangangalaga" ng Estados Unidos.

Ang krisis sa ekonomya at pulitika ng naghaharing sistema ay napakalubha kung kaya ang alinman sa mga partikular na isyu ay malamang na lilitaw at magbubuklod sa mga mamamayan sa mga aksyong pangmasa anumang panahon. Ang bulalas ng galit dahil sa parusang pagpatay sa migranteng manggagawa na si Flor Contemplacion at sa pangkalahatang mga karaingan ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong-dagat ay nagtulak sa mga mamamayan na lumabas patungong mga lansangan sa Metro Manila at iba pang lunsod upang ikondena at ihiwalay ang rehimeng US-Ramos.

Ang malawak na masa ng sambayanan sa Metro Manila at mahigit na 20 lunsod sa mga lalawigan ay paulitulit na naglunsad ng mga aksyong masa sa pagprotesa kaugnay ng mga usaping tulad ng mga imposisyon ng mga internasyonal na ahensyang kontrolado ng US (IMF, World Bank at WTO), panunupil at pagsasamantala sa masang anakpawis, pagdaragdag ng buwis sa anyo ng pinalawak na value-added tax o E-VAT, pagtaas ng presyo ng langis, kasalatan sa bigas at iba pang pang-arawaraw na pagkain, atbp. Tampok ang mga aksyong protesta ng masa sa isla ng Negros.

Lumalaki ang epektibong koordinasyon sa pagitan ng kilusang masa sa kalunsuran at sa kanayunan gayundin sa pagitan ng legal at ilegal na mga anyo ng pakikibaka. Mula sa legal na kilusang masa sa kalunsuran, nakapagpapalitaw ang Partido ng malaking bilang ng mga sulong na aktibistang masa, nakapagpapaunlad ng lumalaking bilang sa kanila na maging mga kasapi ng Partido at nakapang-aakit ng makabuluhang bilang ng mga manggagawa at edukadong kabataan na lumahok sa rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka sa kanayunan.

Ang pinakamahalagang bagay na sumibol sa pagsusulong ng legal na demokratikong kilusan ay pangunahing pagkilos ng mga kadre at kasapi ng Partido sa mga batayang antas at ang pagkababad nila sa solidong pag-oorganisa ng masa bilang saligan ng mga kampanyang masa. Gayundin, ang mga kampanyang masa ay nagsisilbing pang-akit sa ispontanyong masa upang solidong maorganisa.

Mariing pinupuna at itinatakwil ang nakagawiang pagkakahigop ng mga kadre ng Partido at pinakaabanteng aktibistang masa sa mga burukratikong opisina sa kalunsuran at pagkapalaasa ng mga ito sa rekurso mula sa taas o kaya'y sa mga ahensya sa pagpopondo. Ang legal na demokratikong kilusan ay umaasa sa masa. Ang mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo ay disadyang tumutulong sa rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pagtustos at tuluyang pambubulok sa kanilang mga espesyal na petiburges na ahenteng antikomunista na ngayon ay lalo lamang na nalalantad bilang mga negatibong halimbawa at itinataboy ng mga rebolusyonaryong pwersa mula sa mga lokalidad.

Sadyang binabawasan ng Partido ang pag-iral at operasyon ng mga sandatahang partisano sa Metro Manila at iba pang mga lunsod upang idiin ang pangangailangan sa pagpapaunlad ng rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka sa kanayunan at biguing isapanganib ang kanilang seguridad ng mga taksil na rebisyonista na naging mga espya na ng kaaway. Sa panibagong pagtatalaga, ang operasyon ng mga sandatahang partisanong-lunsod ay pinangangasiwaan ng responsableng pamatnugutan na nakabase sa kanayunan at ipinauuna ang pagtatalaga ng mga sandatahang tauhan na di madaling matukoy ng kaaway.

Ang Partido ay nagkakamit ng dakilang tagumpay sa organisasyon sa takbo ng kilusang pagwawasto sa pagtataguyod ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo, pagbaka sa burukratismo at ultrademokrasya, pagrekrut ng mga kandidatong-kasapi sa Partido mula sa hanay ng mga pinakaabanteng aktibistang-masa sa kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan at sa pagpapanday ng Partido at ng masa sa rebolusyonaryong pakikibakang masa.

Matatag ang pambansang saklaw ng Partido at higit kailanma'y malalim itong nakaugat sa masang manggagawa at magsasaka. Ang legal na kilusang masa at ang sandatahang rebolusyonaryong kilusan ay siyang nagpapakita at nagdadala ng lakas ng Partido. Dumaragdag ang mga rebolusyonaryong aktibistang masa sa lakas ng mga kadre at kasapi ng Partido.

Matibay ang kapasyahan ng Partido na itaas ang proporsyon ng mga kasapi nito na nagmumula sa hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Ito'y alinsunod sa rebolusyonaryong katangian ng Partido. Ito ay tugon sa malaking pangangailangan. Ang linya ng Partido sa pagrekrut ng mga kasapi, pangunahin sa masang anakpawis, ay sinabotahe ng mga sagadsaring oportunista at rebisyunista sa nakaraan.

Kaalinsabay, may napakalaking pangangailangang maakit sa Partido ang may-pinag-aralang kabataan. Papalaking bilang sa kanila ang sumasanib sa mga kadreng manggagawa upang tumugon sa panawagan na maglingkod sa hukbong bayan at gampanan ang gawain sa kanayunan. Ang Partido ay laging bukas sa mga indibidwal mula sa petiburgesyang-lunsod na nagnanais na magpanibagong-hubog at maging komunista.

Matagumpay ang Partido sa pagpapabisa sa istruktura ng organisasyon ng mga kadre at kasapi nito upang pahigpitin ang ugnay nila sa masa. Inaalis ang mga dikailangang andana ng organisasyon. Ang mga namumunong organo ng Partido sa labas ng Manila-Rizal ay pinapag-uugnay nang malapit sa mga karampatang pamatnugutan ng hukbong bayan. Nagtatalaga ang Komite Sentral ng mga kadre at rekurso mula relatibong malalakas na organisasyon ng Partido tungo doon sa mga naiiwan sa pagsulong o kaya'y dating napinsala ng matagal na tumakbong agos ng oportunismo at ng pangwawasak ng mga rebisyunistang taksil.

Ang lahat ng 14 na organisasyon ng Partido ay nakapanananagan-sa-sarili sa pinansya at marami sa kanila ang nakapag-aakyat ng bahagi ng kanilang kinikita sa Komite Sentral para sa pangkalahatang mga layunin at sa pagtulong sa mga panrehiyong komite ng Partido sa dalawang rehiyon kung saan lubhang nakapaminsala ang mga kontrarebolusyonaryong oportunista. Sa lahat ng rehiyon, ang gawaing masa sa saligan ay umaasa-sa-sarili at naglalatag ng pundasyon sa pagpapanibagong-sigla at pagdaragdag-lakas ng mga kadreng-tauhan at sandatahang lakas.

Ang Partido'y higit na lumulusog at lumalakas mula nang maalis ang sandakot na sagadsaring rebisyonista, oportunista at taksil, gayundin ang ilang sentrista na malisyosong pinaghahalo ang tama at mali at ipinaglalako ang pagkakaisa ng mga proletaryong rebolusyonaryo at ng mga taksil. Ang ilang kontra-Partidong elementong ito ay naglantad ng kanilang kontrarebolusyonaryong katangian at tumunton sa landas ng antikomunismo, pagkakanulo at pagkabulok sa kriminalidad.

Sila ay nagtatangkang mabuo sa isang grupitong lantarang Trotskista at nakakabit sa ilang reaksyunaryong pulitiko. Mapag-alipustang ginagamit ng mga armadong gangster nito ang pangalang ABB at kumikilos ang mga ito para sa kaaway sa ekstorsyon o panghuhuthot

batay sa pananakot, pangwawasak-unyon, pagkidnap upang tubusin, upahang pagpatay at paniniktik. Ang isa pang mas pipitsuging grupo ay maukilkil sa anti-Stalinismo at burges-demokrasya. Ito ang grupong pinatatakbo ng mga prinsipal na kriminal sa Kampanyang Ahos at mga ahente ng kaaway. Ang dalawang pangkat na ito'y ginagamit at minamanipula ng mga ahensyang paniniktik ng pamahalaang US at Ramos at nakikipagkutsaba sa mga dating petiburges na grupitong antikomunista.

Kung nakapangyari ang mga rebisyonistang taksil at likidasyunista, nagbago na sana ang katangian ng Partido at nalusaw na sana ito tulad ng maraming partido sa ibayong-dagat. Subalit nakayanan ng ating Partido na biguin ang mga taksil sa kanilang malisyosong pakana at nagagamit natin sila ngayon sa bilang mga negatibong halimbawa takbo ng pagwawasto. Disadya'y natutulungan nila ang Partido na muling mapagtibay ang mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo at higit pang palakasin ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa.

Kapwa yumayabong ang disiplina at ang panloob na demokrasya sa ating Partido. Ang paglalagom at pagsusuri ng rebolusyonaryong karanasan at ang kaakibat na mapagkasamang pagpupunahan at pagpuna-sa-sarili ay humahantong sa pagtukoy ng mga tungkuling dapat gampanan. Sa mga organo at yunit, ang mga kadre at kasapi ng Partido ay nagmumula sa paghahangad ng pagkakaisa sa kanilang mga mapagkasamang talakayan, nagtutunggalian sa idea batay sa mga katunayan at umaabot sa bago at higit na mataas na antas ng rebolusyonaryong pagkakaisa.

**Samantalahin ang krisis sa loob ng bansa**

Ganap na masasamantala ng bagong-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan ang kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema, lalupa't pabulusok ang tunguhin ng krisis na ito. Ang rehimeng US-Ramos ay ang instrumento ng mga uring malaking komprador-burges at panginoong maylupa at ganap na sunudsunuran sa mga dayuhang monopolyo sa tuwirang paraan at sa pamamagitan ng mga ahensyang multilateral tulad ng IMF, World Bank at WTO. Ang walang humpay na lumalalang krisis ng naghaharing sistema ay dimakaalpas sa patuloy na lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Isang katiyakan nang hindi mababago ng Pilipinas 2000 ng rehimeng US-Ramos ang agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomya. Kayraming bahagi ng kapuluan ang idinedeklarang sonang industrial, subalit wala namang saligang industriang itinatatag. Sa iilang enklabo lamang may mangilanngilang empresa na gumagamit ng intensibong lakas-paggawa at bahagyang pagpoproseso ng mga semikonduktor, damit, sapatos, laruan at mga katulad pa para sa reeksport.

Sa ilalim ng patakaran ng liberalisasyon ng pag-aangkat, ang mga naunang empresa sa muling pag-eempake at muling pagkukumpuni ng mga yaring dayuhan para sa lokal na konsumo ay nasa proseso na ng pagkalusaw. Katunayan, sa punto ng produkto at empleo, lumiliit ang pagmamanupaktura. Tulad noong panahon ng rehimeng Marcos, may kaabalahan sa mga proyektong sa enerhia at imprastruktura. Subalit mas maliit ang saklaw kaysa noon bagamat mabilis ang deteriorasyon ng mga nakatayong pasilidad sa enerhia at imprastruktura nitong nakaraang 15 taon.

Walang anumang umiiral na reporma sa lupa. Mayroon lamang tambakan ng mga karatula, na nagdedeklarang "agrarian reform community" ang ilang mga pook. Sa katunayan, ang proseso ng konsentrasyon ng lupa sa kamay ng iilan ay bumibilis. Malaganap ang

pinakamapagsamantalang mga anyo ng sistemang kasama. Sa mga prontera, ang mga korporasyon, burukrata at militar na mangangamkam-lupa ay patuloy sa marahas na pang-aagaw sa natitira pang mga lupain ng maralita at panggitnang magsasaka, at mga bansang minorya.

Ang kasalukuyang reaksyunaryong rehimen ay halos wala nang pagkukunwari para sa reporma sa lupa. Kinukumpiska nito o kinakansela ang malaking bilang ng umano'y mga sertipiko sa paglilipat ng lupa o CLT at "emancipation patent" na ipinamahagi ng mga sinundan nitong rehimen. Iniengganyo nito ang mga panginoong maylupa na magpalit-gamit ng kanilang lupain mula sa palay at mais tungo sa ibang tipong pananim na disaklaw ng bogus nitong programa sa repormang agraryo.

Mabilis ang paglala ng sosyoekonomikong krisis. Gayunman, ang rehimeng US-Ramos ay nakaambang magdeklara ng mahigit 6 na porsyento paglago ng GDP (grosong produktong pambansa). Kabilang dito ang mga pagtantya sa konsumo, pamumuhunan, gastos ng pamahalaan at eksport, gayundin ang mga lantay na pabrikasyon tungkol sa itinaas ng produksyon (kasama yaong agrikultural sa kabila ng iskandalosong kasalatan sa at malaking importasyon ng bigas, asukal at isda).

Ang produksyong agrikultural para sa konsumong pambansa at eksport at ang produksyon ng hilaw na mineral pang-eksport ay siyang mga pangunahing produktibong aktibidad sa ekonomya ng Pilipinas. Ang sektor na industrial ay nakasalalay sa angkat, tulak ng konsumo at walang pundasyon sa mabibigat at saligang industria. Eksaherado ang halagang pang-ekonomya ng pagmamanupakturang nakasalalay sa angkat at mababa ang halagang idinadagdag. Mas kaunting manggagawa ang pinapagtatrabaho dito, mas mababa ang ipinasasahod at mas kaunti ang ibinubungang netong kita mula sa eksport nito kaysa sa dating pagmamanupakturang panghaliling-angkat.

Patuloy na lumalaki ang depisit sa dayuhang kalakalan at badyet. Patuloy na nagsusumamo ang reaksyunaryong pamahalaan na pautangin pa ng mga dayuhan. Ang utang sa dayuhan ay umabot na ngayon sa mahigit na US$40 bilyon. Sa paglala ng krisis sa pinansya, ang reaksyunaryong pamahalaan ay mabilis na dinaragdagan ang buwis na pasanin ng mga mamamayan, ang lokal na pangungutang-publiko at ang pangungutang sa dayuhan. Umabot na ito sa pagsalalay sa pinakaespekulatibong tipo ng dayuhang kapital at sa pagbebenta sa mga dayuhang monopolista ng mga bienes ng estado, kabilang ang pinakamahuhusay na lupain, mayor na empresa at pasilidad na publiko.

Ang mga pondo ay umaagos tungo sa mga kamay ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at ng malalaking komprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista, sa kapinsalaan naman ng mga mamamayang anakpawis at panggitnang saray. Sa kapinsalaan din ng mga panlipunang serbisyo, tulad ng edukasyon at kalusugan, ang mga aparato ng estado sa panunupil, tulad ng pwersang militar, pulis at paramilitar, ay patuloy ding nilalakihan ang kanilang bahagi sa taunang badyet ng reaksyunaryong pamahalaan.

Ang suliranin sa kawalang-empleo ay lumulubha subalit pinagtatakpan ng estadistika ng reaksyunaryong pamahalaan. Sa sistema ng pagpili ng isasama sa estadistika, pag may nagsabing nakapagtrabaho sa isang araw, ikinikwenta na siyang may trabaho sa buong taon. Ang mga walang trabaho at kulang sa trabaho ay itinuturing na mga manggagawa sa umano'y elementaryong mga anyo ng okupasyon sa sektor ng serbisyo. Sa pagpapalobo ng proporsyon ng mga sektor sa serbisyo at industria, napapaliit ng reaksyunaryong pamahalaan ang proporsyon ng agrikultura sa pagsusuma ng produkto at empleo.

May lima hanggang anim na milyon ng mga walang trabaho sa pambansang ekonomya ang iniluluwas bilang murang paggawa. Ang kitang dayuhang salapi, ipinapalagay na aabot ng US$6 bilyon hanggang US$7 bilyon, ay opisyal na ikinukwenta bilang mayor na sangkap ng grosong produktong pambansa (GNP). Ang pagluluwas ng murang paggawa ay kumikita ng mas malaking dayuhang salapi kaysa alinman sa mga bahagyang-prosesong reeksport, produktong agrikutura o hilaw na mineral. Subalit halos lahat ng kitang ito ay napupunta sa konsumo ng mga pamilya ng mga migranteng manggagawa.

Mataas ang aktwal na tantos sa implasyon at bumabawas ito sa kita ng mga mamamayan. Mabilis na tumataas ang mga presyo ng bilihin dahil sa pagbagsak ng produksyon at kasalatan ng bigas at iba pang pangunahing produktong pangkonsumo, pagtaas ng bayad sa pag-aangkat ng mga bilihing pangkonsumo at pamprodukto, at korporado at burukratikong manipulasyon sa pagpapataas ng presyo ng langis at enerhia. Walang nakakaligtas sa implasyon at sa E-VAT na nakalangkap na sa presyo ng lahat ng bilihin.

Ayon sa pinakaseryoso't mapaniniwalaang tantya, ang mga kabilang sa naghihikahos ay tumatakbo mula 75 hanggang 80 porsyento ng mamamayan. Hindi makaalpas ang mga naghihikahos sa kanilang kahirapan dahil sa patuloy na pagbulusok ng ekonomya. Ang mga prontera na siyang tradisyunal na lumalagom sa sobrang paggawa ay nasaid na noon pa mang dekada '60. Kaya, mabilis ang pagdami ng mga walang regular na hanapbuhay sa kalunsuran at kanayunan.

Pinatitindi ng rehimeng US-Ramos ang pagsasamantala at pang-aapi sa pamamagitan ng mga patakarang sadyang kiling sa mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo at pagpapabulos sa mga pwersang militar, pulis at paramilitar laban sa mga mamamayang anakpawis.

Ang mga manggagawa ay sapilitang pinatatanggap ng mas mababang sahod at higit na miserableng kondisyon sa pamumuhay. Winawasak ang mga unyon. Ipinagbabawal ang welga at binabanatan at pinapatay ang mga lider-paggawa at mga nagwewelga. Malawakang nilalabag ang mga umiiral na kasunduan sa kolektibong tawaran. Ang mga dayuhan at lokal na may-ari ng mga empresa ay pinapayagan na hadlangan ang pag-uunyon at pinalilipat sa mga umano'y sonang industrial kung saan lantarang pinaiiral ang patakarang "walang-unyon, walang-welga". Ang mga barungbarong ng mga manggagawa, diregular o kaswal na manggagawa, at iba pang pobre sa lunsod kadalasa'y target ng pagsosona ng mga militar at pulis at mga kampanya sa demolisyon.

Sa kanayunan, inilulunsad ang mga brutal na kampanyang militar, naroon man o wala ang hukbong bayan. Ang layon ay kamkamin ang lupa ng mga magsasaka at etnikong komunidad. Ang mga lupain ay kinakamkam para sa korporadong pagsasaka, umano'y integradong pamamahala sa kagubatan, konsesyon sa pagmimina, at iba pa. Kabilang sa mga banat ng kaaway ang pambobomba mula sa himpapawid, artilerya, pambabaril at panununog. Sa takbo ng mga kampanya ng kaaway, ang mga magsasaka at lokal na mamamayan ay nagiging biktima ng pandarambong, pagmamalupit, panggagahasa at pamamaslang.

Ang mga kalupitan ng naghaharing pangkating US-Ramos ay nakapang-aalab damdamin sa mga mamamayan at nagbubunsod sa kanila na lumahok sa rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka upang ibagsak ang buong naghaharing sistema. Sa kalunsuran, masiglang sumusulong ang legal na demokratikong kilusan upang tuligsain ang sistema at iharap ang hangarin sa rebolusyonaryong pagbabago.

Ipinamamarali ng imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryo na nagkaroon ng umano'y demokratisasyon pagkabagsak ni Marcos at muling naitatag ang mga reaksyunaryong institusyon at prosesong umiiral bago mag-1972. Subalit kung kailan bumagsak na nga si Marcos kaya naman bumulos ang mga kampanya sa panunupil, tulad ng Lambat Bitag I, II at III, na malayong mabangis kaysa alinman sa mga inilunsad na kampanya sa ilalim ng rehimeng Marcos. Nagpapatuloy ang pasismo subalit ito'y nakatabing mula noong bumagsak si Marcos.

Si General Fidel Ramos ang pinunong papet ng imperyalismong US, ang punong kinatawan ng mga lokal na reaksyunaryo at ang sentrong punto ng pagpapatuloy ng pasistang panunupil, noon pa mang panahon ng tautauhang pagpapangulo ni Aquino. Nagpapatuloy ang magkasanib na diktadura ng mga uring malaking komprador burges at panginoong maylupa. Naririyan pa ring nagsasabwatan at nagpapaligsahan ang mga pampulitikang tagapagmana ng diktadurang Marcos sa paghahari sa Pilipinas; at napaamo na o natabig na nila ang karamihan sa mga reaksyunaryong kontra-Marcos.

Malinaw na sa pakanang "low intensity conflict" ng imperyalismong US, ang mga brutal na kampanyang militar sa panunupil laban sa rebolusyonaryong kilusan ay may katuwang na pakikidigmang sikolohikal o psywar. Hindi ang pagtatalaga ng mga SOT (espesyal na pangkat sa operasyon) at death squad ang pinakamapanganib na aspekto ng psywar na ito kundi ang mga operasyon ng mga espesyal na ahenteng ideolohikal at pulitikal na itinalagang wasakin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan mula sa loob.

Isang tumpok ng mga ahenteng ito ang nagkakalat ng linya na pagkabagsak ni Marcos ay nagkaroon ng demokratisasyon, una'y pinairal ng mga pwersa ng "demokrasya ng matataas" o anilang "elite democracy" at pagkatapos ng sa "demokrasyang popular" sa pamamagitan ng legal na pakikibaka para sa mga reporma. Inuulitulit nila ang linya na papaliit na ang mga paglabag sa karapatang-tao at ang mga ito'y ginagawa kapwa ng mga pwersang kontrarebolusyonaryo at rebolusyonaryo. Sinasabi nilang huhusay ang lahat kung "babawasan ng diin" o ititigil ang rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka.

Isa pang tumpok ng mga ahente ang nagkakalat ng linya na ang mga rebolusyonaryong pwersa ay kailangang manalo na sa madaling panahon sa pamamagitan ng insureksyunismong lunsod at militarismo at ng pagkuha ng dayuhang tulong-militar o kung hindi'y mababansot, dadausdos at magiging inutil ang sandatahang rebolusyon. Natuliro sila sa estratehikong opensiba ng kaaway at ng taktika nitong "gradwal-konstriksyon" o untiunting pagsakal. Subalit lumaro naman sila ayon sa gusto ng kaaway nang kanilang pinsalain ang baseng masa, sakalin ang sarili at itulak ang mga yunit ng BHB sa kalagayang lantay-militar.

Ang dalawang tumpok na ito ng mga ahente ng kaaway ay pinakikilos ng mga ahensyang psy-war ng US at Pilipinas. Ito ay sapat na napatutuhanan una ng pagtatangka ng mga prinsipal na ahente na wasakin ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusan mula sa loob at ngayon ng walang-kahihiyang pagpapatuloy nila sa pinakagarapal at pinakaganid na tipo ng propagandang antikomunista.

Sa kasamaang-palad ng mga taksil at traydor na ito, sila ay binigo, inilantad at itinakwil ng Partido. Pinili nilang ipagkanulo at lantarang atakihin ang Partido sa panahon ng pagkapangulo ng heneral na si Ramos. Sa kabilang dako, nagniningning ang rebolusyonaryong pagkakaisa ng Partido at masa sa kamulatang pampulitika at pagkamilitante di tulad ng naghaharing sistema na sadsad sa krisis at sa malubhang bangayan ng mga paksyon.

Bunga ng lumalalang krisis sosyoekonomiko, lumalala rin ang krisis pampulitika ng naghaharing sistema. Sumisidhi ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo. Bagamat nagkakaisa ang mga paksyong reaksyunaryo laban sa mga mamamayan, nag-aagawan din sila ng kapangyarihang pulitikal at ng mga dambong na dulot ng kapangyarihang iyon.

Sa eleksyon ng 1995 para sa mga pusisyong lehislatibo at lokal na ehekutibo, nagkaisa ang Lakas-NUCD-UMDP (Lakas ng Tao, National Union of Christian Democrats at United Muslim Democratic Party o ang koalisyon ni Ramos at ang Laban ng Demokratikong Pilipino (LDP) upang talunin ang kanilang mga kalaban. Nagsabwatan pa nga sila sa pandaraya sa eleksyon sa Oplan Dagdag-Bawas. Subalit pagkatapos ng eleksyon, nagkanulo sa isa't isa ang mga lider ng dalawang pormasyong pulitikal.

Minaniobra ni Ramos ng Lakas-NUCD-UMDP ang pagpapatalsik kay Sen. Edgardo Angara ng LDP bilang pangulo ng Senado upang buksan ang landas para sa mga hakbanging lehislatibo na magbibigay-katuparan sa awtokratikong ambisyon ni Ramos. Nais ni Ramos na enmyendahan ang konstitusyon ng 1987 para palawigin nang lampas sa takdang anim na taon ang kanyang panunungkulan at alisin ang ilang pormal na garantiya sa talaan ng mga karapatan doon.

Bukod sa intinutulak na mga enmyendang konstitusyonal na maaring gawin ng kongreso na tatayo bilang asamblea konstitusyonal, itinutulak rin ng rehimeng Ramos ang panukalang batas na umano'y laban sa terorismo, ang umano'y antiterrorism bill na higit pang antidemokratiko at mapaniil kaysa sa Antisubversion Law. Nilalayon nitong bawasan ang kalayaan sa pamamahayag, ituring na kriminal ang mga publikasyon laban sa rehimen, ibalik ang parusang kamatayan sa pagkakasalang pulitikal at samsamin ang mga pag-aari ng mga naparatangan ng terorismo.

Malakas ang hangarin ni Ramos na maipon sa kanyang kamay ang kapangyarihang pangkagipitan nang hindi pormal na idinedeklara ang batas militar. Ginamit niya sa nakaraan ang krisis sa enerhia at langis para makuha ang kapangyarihang pangkagipitan na mamahagi ng mga kontrata para sa mga korporasyong estado nang di na idinadaan sa subasta publika at makapagpayaman siya sa pamamagitan ng mga lihim na pakikipagkasundo sa malaking negosyo. Ineengganyo niya ang pinakamasasamang gawi sa negosyo at hinahabol din niya ang kapangyarihang pangkagipitan kunwa'y sa pagkontrol sa mga gawing iyon. Subalit ang tunay na pakay niya ay supilin ang mga karapatan ng mga manggagawa. Pinananagana niya ang mga kriminal na sindikato sa pamumuno ng mga upisyal ng pulisya at militar. Pero nakaamba naman siyang kasangkapanin ang isyu ng laganap na kriminalidad upang bigyang-katwiran ang kapangyarihang pangkagipitan at ang suspensyon ng mga demokratikong karapatan.

Sa simula ng kanyang panunungkulan bilang pangulo, hinirang ni Ramos ang kanyang pangalawang pangulo na si Joseph Estrada bilang tagapangulo ng Presidential Anti-Crime Commission (PACC) upang ipasa sa kanya ang pananagutan sa isang imposibleng gawain, paamuhin siya at piliin ang panahon at paraan na maalis siya bilang karibal sa pulitika. Ang pinakagarapal na mga kriminal na sindikato ay pinatatakbo ng mga upisyal ng reaksyunaryong militar at pulisya, kabilang yaong mga nasa PACC. Hawak din ng mga upisyal ng militar at pulis ang mga gang ng mga kriminal na pinangungunahan nina Conrado Balweg, Filemon Lagman, Arturo Tabara at ng "negosyanteng" si Romulo Kintanar.

Habang lubhang ikinasusuklam ng buong bansa ang mga krimen ng pamamaslang, pagnanakaw at pangingidnap, pinagtatakpan kapwa nina Ramos at Estrada ang

pananagutan ng mga upisyal ng militar at pulis, at kasabay nito'y nagmamaniobrahan sila at nagpapasahan ng sisi sa hindi pagkalutas sa problema ng krimen. Pinawalang-sala na ang mga heneral na garapalang kasangkot sa pagmasaker sa Kuratong Baleleng gang at sa pagkawala ng nakaw niyon.

Dahil nagngangalit ang ligalig sa lipunan, nais ni Ramos na magpakitang-tao na hangad niya ang kapayapaan at istabilidad. Sa sulsol ng imperyalismong US, hinahabol niyang makipagkasundo sa mga paksyong anti-Ramos sa Armed Forces of the Philippines, gaya ng mga pinanganlang Reform the Armed Forces Movement (RAM), Soldiers of the Filipino People (SFP) at Young Officers' Union (YOU).

Ang pagkakasundo ng mga paksyon ng iisang kontrarebolusyonaryong pwersa ay isinasagawa sa balangkas ng matagal nang umiiral na "pormulang Armacost" para muling pagbuklurin ang AFP pagkaraan ng isplit pagbiyak na kinailangan para ibagsak si Marcos. Subalit higit na makatuturan ang depeksyon ni Brig. Gen. Raymundo Jarque sa Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas (o NDF) at sa BHB kaysa anupamang pangkalahatang kasunduan sa kapayapaan na nagpatawad at nag-amnestiya sa mga kriminal na pananagutan ng mga nagpakana ng kudeta. Inilalantad nito ang kabulukan ng reaksyunaryong estado at ang patuloy na tendensya ng AFP sa pagkabulok.

Ibinabando ng rehimeng Marcos ang pangkapayapaang negosasyon nito sa Moro National Liberation Front. Hanggang ngayo'y wala pang pagkakasundo dahil sa hindi malutaslutas ang mga kritikal na problemang gaya ng proseso ng pagbubuo ng isang pansamantalang pamahalaang awtonomo, integrasyon ng mga sandatahang lakas, hatian sa kita sa buwis, at iba pa.

Kung sakaling lubusang sumuko ang MNLF sa rehimeng Marcos, ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) at iba pang grupong katulad ng Abu Sayyaf ay nakaamba na mang-agaw ng inisyatiba para labanan ang pamahalaang Maynila. May reputasyong mas mahusay na armado at mas mahusay na organisado ang MILF kaysa MNLF. Ang pamahalaang Maynila ay naglipat ng 20,000 tropa sa mga lugar ng mga mamamayang Moro bilang tugon sa pagpapakitang-lakas ng MILF at bilang paghahanda kung sakaling tumanggi ang MNLF na sumunod sa kumpas ng rehimeng US-Ramos.

Ang pangkapayapaang negosasyon sa pagitan ng PDPP at ng pamahalaang Maynila ay pormal na binuksan sa Bruselas nitong nakaraang Hunyo 26, na ang pamahalang Belhika ang tumayong punong-abala. Subalit ang negosasyon ay unilateral na sinuspindi ng pamahalaang Maynila matapos nitong labagin ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG o Kasunduan sa mga Garantia sa Kaligtasan at Imyunidad) dahil sa patuloy na pagdetine sa PDPP konsultant na si Ka Sotero Llamas. Malinaw na nakikita ng malawak na masa ng sambayanan ang dimakatarungan at dimakatwirang posisyon ng pamahalaang Maynila. Ganap na may-katwiran ang PDPP na hayaang dibinubuksan ang usapan.

Para huwag lumikha ng mga maling ilusyon na ikalilito ng mga mamamayan, laging nililinaw ng PDPP at ng mga rebolusyonaryong pwersang kinakatawan nito na matatag nilang sinusunod ang linya ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo, at ang pangkayapaang negosasyon ay isa lamang na anyo ng legal na pakikibaka na nakapailalim sa rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka at sa legal na kilusang masa.

Ang pangkayapaang negosasyon na ginagawa ng panel ng PDPP sa negosasyon ay superyor sa iba pang anyo ng legal na pakikibaka sa iisang punto: natatapatan ng mga rebolusyonaryong pwersa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika ang pamahalaang Maynila bilang kapantay sa hapag ng usapan alinsunod sa mga internasyonal na pamantayan at nakapag-iipon sila ng puntos para sa internasyonal na pagkilala sa kanilang angking katayuang digma (status of belligerency) ng rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng mga batas sa digma.

Mayroon man o walang pag-unlad sa pangkapayapaang negosasyon, ang mga rebolusyonaryong pwersa at ang mga mamamayan ay nagtatayo ng isang bagong rebolusyonaryong estado sa paparaming lugar sa kanayunan para halinhan ang lumang estadong reaksyunaryo kahima't ito'y malakas pang nakatanim sa mga syudad. Sa anu't anuman, dapat patuloy na umunlad ang rebolusyonaryong sandatahang lakas at ang legal na kilusang demokratiko laban sa rehimeng US-Ramos at sa buong sistema ng paghahari.

Habang nananatiling malakolonyal at malapyudal ang mga kondisyong panlipunan, nariyan ang matabang lupa para sa matagalang digmang bayan alinsunod sa pangkalahatang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Lalong nagiging mahigpit ang pangangailangan sa digmang bayan dahil sa walang puknat na antikomunistang atake ng militar sa kanayunan at sa mapaniil na mga patakaran at hakbangin laban sa mga mamamayan sa lunsod man o kanayunan.

Kung hindi sa nagtagal na mga "Kaliwa" at Kanang oportunistang kamalian, sana'y nakasulong nang tuluytuloy sa matatag na batayan ang rebolusyonaryong kilusan. Gayon man, maging ang reaksyunaryong kalihim ng tanggulang-bansa na si General Renato de Villa ay napilitang umamin, sa harap ng pagsisiyasat ng Senado noong Hulyo 1995, na nabawi na ng BHB ang maraming lugar sa kanayunan mula noong 1993 bunga ng kilusang pagwawasto.

Sa matagal nang nakaraan, kahit ang relatibong katatagan ng naghaharing sistema bago mag-1972, ang pamamalagi ng mga base militar at malakihang tulong na militar ng US, ang pasistang diktadurang Marcos mula 1972 hanggang 1986 at ang napakalaking dayuhang pautang ay hindi naging sagabal sa pag-unlad o naging dahilan ng pagkatalo ng rebolusyonaryong kilusang umaasa-sa-sarili.

Ang katayuan ng lokal na naghaharing sistema ay malayong mabuway at mahina kaysa dati. Naiipit ito ng krisis na nagmumula sa angking katangian nito at sa pagsalalay nito sa pandaidig na sistemang kapitalista na sakmal din ng krisis. Ang mga imperyalista ay abala sa mga panloob, pangrehiyon at pandaigdig na problema.

Pinanghihina sa kaibuturan nito ang katutubong sistema ng paghahari mismo ng dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo. Nilalabanan ng malawak na masa ng sambayanan ang sumisidhing pagsasamantala at pang-aapi. Ang pagbubuhos ng bilyunbilyon pang piso sa mapaniil na aparato ng estado ay lalo lamang ikinahihina ng sistema.

Ang reaksyunaryong militar at pulis ay nananatiling paksyunalisado at hinihigop sa kaibuturan ng korupsyon at kriminalidad. Ang mga sandatahang kilusan ng mga mamamayang Moro para sa pagpapasya sa sarili ay mas malaki pa kaysa dati. At higit na mahalaga sa lahat, dahil sa kilusang pagwawasto, ang Bagong Hukbong Bayan at iba pang rebolusyonaryong pwersa na pinamumunuan ng PKP ay higit na konsolidado at higit na malakas para sa matagalang digmang bayan. Ang mga subhetibong pwersa ng rebolusyon ay nasa mainam na posisyon para lubos na samantalahin ang mga paborableng obhetibong

kondisyon. **Pagsasamantala sa kaguluhang pandaigdig** Maaring lubos na samantalahin ng bagong-demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ang patuloy na lumalalang krisis ng sobrang produksyon ng pandaigdig na sistemang kapitalista at ang bagong pandaigdig na kaguluhan na nagngangalit sa papalawak na saklaw kasunod ng pagtatapos ng malamig na digmaan sa pagitan ng imperyalismong US at bumagsak nang sosyal-imperyalismong Sobyet.

Ang mga obhetibong kondisyon sa daigdig ay kiling sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa Pilipinas. Tulak ng pagkadesperado tungkol sa krisis ng naghaharing sistema, kaagadagad tinanggap ng rehimeng US-Ramos ang paghingi ng US ng karapatan ng mga pwersang militar nito sa paggamit ("access rights") sa teritoryo ng Pilipinas at ngayo'y nagmamaniobra ito para ihanda ang landas sa pagbabalik ng mga base militar ng US sa pamamagitan ng mga probokasyon sa mga isla ng Spratly at sa pagbabando na Tsina ang panganib sa Pilipinas at sa rehiyong ASEAN.

Ang US at iba pang imperyalista ay abala sa lumalalang problema sa kanikanilang bansa, sa lumalaking kontradiksyon sa pagitan ng isa't isa sa kanila at sa iba't ibang digmaang sibil at iba pang sandatahang hidwaan magkakasabay na sumisiklab sa daigdig. Ang katutubong naghaharing sistema, hindi ang sandatahang rebolusyonaryong kilusan, ang siyang lubhang nagigipit dahil sa patuloy na pagsalalay sa dayuhang tulong na militar at iba pang tulong mula sa mga mperyalista.

Ang proseso ng konsentrasyon at sentralisasyon ng kapital ng mga supermonopolyo ay nagpapatuloy sa bilis na wala pang katulad sa nakaraan. Sa likod ng mga islogan ng pribatisasyon at korporadong pagpapanibagong makinarya, ginagamit ng mga supermonopolyo ang monopolyo-kapitalismong estado at ang mataas na teknolohya para pabilisin ang konsentrasyon at sentralisasyon ng kapital sa kanilang kamay.

Ang resulta ay malakihang pagkalipol ng mga pwersa sa produksyon sa buo-buong mga ekonomyang pambansa, kabilang yaong sa industrial na mga bayang kapitalista, mga bayang dati'y pinamahalaan ng mga rebisyonista, at mga dimaunlad na bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina. Ang madalas ipagpasikat na mga ekonomya ng Silangang Asya na nasa produksyong pang-eksport batay sa mababang-pasahod at mga patakbuhing pabrika ay ginigipit ng kasalukuyang krisis sa mga industrial na bayang kapitalista, na siyang mga pangunahing pamilitan ng mga ito.

Walang kapantay ang saklaw ng ligalig sa lipunan. Ang mga digmaang sibil at iba pang tipo ng sandatahang hidwaan ay nagngangalit sa Europa, partikular sa dating Yugoslavia, lalo na sa Bosnia; sa dating Unyon Sobyet, tulad sa Chechnya; sa Timog Asya; sa Aprika; at sa Amerika Latina. Ang mga protestang masa, mahusay na organisado man o ispontanyo, ay tumitindi at kumakalat sa mga industrial na bayang kapitalista at sa iba pang dako ng daigdig.

Ang mga pambansang ekonomya ng lahat ng industrial na bayang kapitalista ay dumausdos sa bagong antas ng pagkabahura at inaasahang higit pang mababahura sa mga susunod na taon. Ang mga sentro ng pandaigdig na kapitalismo _ ang Estados Unidos, Hapon at Europa _ ay nagtatala ng tantos ng paglaki na mas maliit kaysa nakaraang taon (1994). Tulad ng dati, ang lumiliit na tantos ng paglaki ay binubundat ng napakadiproduktibong kwenta sa sektor ng serbisyo. Ang mga menor na industrial na bayang kapitalista ay lalong nababaon sa depresyon.

Hirap ang Estados Unidos na magpanatili ng kanyang posisyon bilang lider sa ekonomya at militar ng pandaigdig na sistemang kapitalista. Habang pilit nitong nilulutas ang problema sa gahiganteng utang at depisit nang dilubhang binabawasan ang mga gastusing militar, binabawasan naman ang mga panloob na programang sosyal na lumilikha ng bagabag na panlipunan sa hanay ng mga manggagawa, mga mamamayang may kulay, kababaihan, kabataan at mga pensyonado. Ang pagpapanibagong kasangkapan ng mga industria batay sa mataas na teknolohya ay kumikitil ng trabaho, lumilikha ng malaking imbentaryo ng dimabiling kalakal, at nagtutulak sa mga naluluging empresa tungo sa pagkabangkarote, pakikipagsanib sa iba, at pagpapalagom. Pero ang mga disempleado ang ipinalalabas na mga lintang ayaw magtrabaho at nabubuhay sa benepisyong panlipunan. Tulad sa iba pang industrial na bansang kapitalista, mga migranteng manggagawa, ang sinisisi na diumano'y mang-aagaw ng trabaho mula sa mga lokal na manggagawa.

Sinisira ng Estados Unidos ang balanse ng kanyang relasyon sa iba pang kapangyarihang kapitalista sa pagtatangkang baliktarin ang tunguhing padausdos ng kanyang industria, pahusayin ang kanyang kompetitibong posisyon at ipamahagi ang bigat ng gastusin sa mga alyansang panseguridad at mga "pangkapayapaang" operasyong militar, sa layuning maitulak pa ang mga ehemonikong pakana nito. Kasabay nito ay nakikipagkaisa ito sa mga imperyalistang alyado sa paggamit sa mga internayonal na ahensyang pinamumunuan ng US (UN, IMF, World Bank, WTO, OECD, G-7, atbp.) upang samantalahin at apihin ang proletaryado at mga mamamayan ng daigdig.

Kinokonsolida ng Estados Unidos ang sariling pambansang pamilihan at ang pinakamalapit nitong pamilihang rehiyonal _ ang saklaw ng North American Free Trade Agreement (NAFTA) at ang buong Amerika Latina. Ang mga hakbanging ito ay nagbabantang papanghinain sa pamilihang Amerikano ang mga ekonomyang nakasalalay-sa-eksport ng Silangang Asya. Kasabay nito'y itinutulak ng Estados Unidos ang mga eksport nito sa lahat ng dako ng daigdig. Pinangungunahan nito ang Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) forum upang higit pang matiyak na mananatili sa kontrol ng US ang ASEAN Free Trade Agreement (AFTA) at unahan ang East Asia Economic Cooperation (EAEC) na sulsol ng Hapon at mungkahi ng Malaysia. Nilalaktawan nito ang mga bayan sa Kanlurang Europa na karibal nito sa kalakalan para dagsaan ng mga kalakal ang dating Unyon Sobyet at Silangang Europa.

Ginagamit na sandata ng Estados Unidos ang debalwasyon ng dolyar upang itaguyod ang sariling eksport at ilagay sa disbentahe ang Hapon at ang Unyong Europeo. Kasabay nito, nagmamaniobra itong pasanin ang bulto ng bigat at riyesgo o panganib _ sa ngalan ng NATO, sa halip na UN _ sa Bosnia at kumabig ng mga animo'y kapakipakinabang na bilateral na pakikipagkasundo sa anim na estado, kabilang ang ilang estadong humalili sa dating Yugoslavia at dating kasapi ng Warsaw Pact (Hungary at Rumania), bilang mga "katuwang sa kapayapaan". Ang mga tropang Ruso ay nasa ilalim ng komand ng NATO at kung gayo'y ng Estados Unidos.

Sa okasyon ng ika-50 anibersaryo ng pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ng United Nations, marapat na pansinin na nakuha ng Hapon at Alemanya sa punto ng ekonomya sa pamamagitan ng malamig na digmaan at ng UN ang hindi nila nakuha sa pamamagitan ng agresyon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Gayon man, pagkaraan ng 50 taon ng sobrang pagkonsumo at pag-ako sa gastusing militar, ang US ay nagsisikap ngayong buhaying muli ang industrial na produksyong pang-eksport at ipamahagi sa iba ang gastos sa pamumulis sa daigdig ayon sa interes ng monopolyong kapitalismo.

Tulad ng Estados Unidos, tinatangka ng Hapon at Alemanya na konsolidahin ang kanilang mga pambansa at pangrehiyong pamilihan at ginagamit nila ang gayon ding estratehya at taktika para lutasin ang mga lokal na problema ng monopolyong kapitalismo, sa kapinsalaan ng proletaryado at alang-alang sa interes ng kanilang mga supermonopolyo. Sinasamantala nila ang pangangailangan ng US na makipaghatian ng pasaning militar sa pamamagitan ng pagpapalakas ng sarili nilang pwersang militar at paghiling ng permanenteng luklukan sa UN Security Council.

Hindi nababaliktad ng Hapon ang pagdausdos nito sapul nang pumutok ang lobong pang-ekonomya noong 1991. Sa napakaikling panahon ay bumabaling ito sa mabibigat na pangungutang na publiko upang muling buhayin ang sariling ekonomya. Subalit ang pinakamalinaw pa ring problema ay ang pang-aabuso sa mga pribadong bangko na malaon nang sinasalanta ng dimabayarang utang. Ang Alemanya ay malinaw pa ring napupwersa sa bigat ng tumataas na buwis at iba pang gastos ng reunipikasyon. Noong una'y naibsan ng mga industria ng Kanlurang Alemanya ang krisis dahil sa pagtatambak ng sobrang produkto sa Silangang Alemanya at bandang silangan pa. Subalit pinakikitid ng pagsasara ng mga pabrika at disempleyo sa Kanlurang Alemanya at ng walang tigil na pagsama ng ekonomya ng mga bayan sa dating blokeng Sobyet ang pamilihan sa sobrang produktong Aleman.

Tulad sa Estados Unidos, ang pundamental na problema sa Hapon at sa Unyong Europeo ay ang mabilis na pagtaas ng organikong komposisyon ng kapital at ang pagkawala ng trabaho ng mga manggagawa. Pinalulubha ito ng paglilipat ng mga prosesong may intensibong paggawa tungo sa mga bayang napakamura ng paggawa at pag-aangkat ng mga produktong mura ang pagkakagawa roon. Hindi ikinauunlad ng mga bayang iyon ang paglilipat ng ilang proseso sa kanila at ni hindi rin ikinalulutas sa kawalan ng hanapbuhay roon.

Sa lahat ng industrial na bayang kapitalista, ang pakay ng monopolyo kapitalismong pang-estado ay ihatid sa mga pribadong supermonopolyo ang mga matubo o maganansyang empresang-estado, malalaking kontrata, salba sa pagkabangkarote (bailouts), subsidyo, garantiya sa pamumuhunan at pagluluwas, at kung anuano pa. Kasabay nito'y binabawasan ang mga programang sosyal para sa pakinabang ng malaking negosyo, sa pagtatangkang bawasan ang depisit sa badyet. Lalong pinabibigat ang buwis na ipinapapasan sa mga anakpawis, samantalang tumataas ang disempleyo sa konteksto ng pangkalahatang tunguhin sa paggamit ng mataas na teknolohya at pagtataas ng organikong komposisyon ng kapital.

Nasisira ang reputasyon ng mga partidong pampulitika ng malaking burgesya, una'y dahil sa mga iskandalo ng korupsyon at ng kawalan nila ng kakayahang lutasin ang krisis ng ekonomya at lipunan. Para mapagtakpan ang kanilang responsabilidad sa mabilis na tumataas na organikong komposisyon ng kapital at sa ibinubunga nitong krisis, ang malaking burgesya ay nang-uupat ng nasyonalismo, neopasismo at rasismo, at nagkakalat ng kasinungalingan na ang mga migranteng manggagawa at mga bayang may mababang pasahod ay nang-aagaw ng trabaho sa mga manggagawa ng mga industrial na bayang kapitalista.

Ang proletaryado at mga mamamayan sa mga industrial na bayang kapitalista ay halos kasisimusimula pa lamang na lumaban sa monopolyong burgesya. Sa ngayon ay wala pang isang rebolusyonaryong partido ng proletaryado na may sapat na lakas sa pulitika at organisasyon para hamunin ang naghaharing sistema ng kapitalismo saan man. Ang unyonisasyon ng mga manggagawa ay lumiliit o kaya'y nakakabig ng malaking burgesya sa loob ng nakaraang ilampung taon. Sa ngayon, ang mga pangkalahatang welga sa Pransya, na

nagbuklod sa mga manggagawa, mag-aaral at iba pang mamamayan nitong Disyembre, ang pinakamariing aksyong protesta pa lamang laban sa kapitalistang sistemang naghahari.

Ang pinakamalaking pagkawasak ng mga pwersang produktibo sa nakaraang limang taon ay nasasaksihan sa mga estadong humalili sa mga bayang dating pinagharian ng mga rebisyonista sa Silangang Europa at sa Unyon Sobyet. Pinalulubha ng lantarang pribatisasyon ng mga pag-aaring estado ang kalagayan ng depresyon na umaarya na mula pa noong huling hati ng dekadang setenta. Sa maraming empresa, ang produksyon ay huminto o kaya'y dumadausdos. Laganap ang kawalan ng hanapbuhay. Kagulagulantang ang mabilis na pagdaralita ng mga mamamayan. Maging ang karaniwang tagal ng buhay sa dating Unyon Sobyet ay bumaba mula sa 65 tungong 57 taon.

Pinagmumukha tuloy ng pagkawasak ng mga ekonomya na maigi maging ang neolokonyalismong Sobyet at ang matagal na resesyon sa panahon ni Brezhnev. Ang patuloy na pagbulusok ng ekonomya ay dahil sa bulos na kasakiman ng napakakriminal na bagong burgesya na matagal na inaruga ng monopolyong burukratang kapitalismo sapul noong 1956. Ginawang lehitimo ng monopolyong burgesya ang kanilang natipong pribadong kayamanan, lalo pang pinabilis ang pribatisasyon ng mga pinakamaganansyang pag-aaring estado, at binuksan ang pinto para sa pagtatambak ng sobrang mga produktong pangkonsumo mula sa Kanluran.

Ang daloy ng pamumuhunan mula sa Kanluran ay selektibo, limitado, at naglalayong dominahin ang pamilihan. Kahit ang lubhang espekulatibong mga portfolio sa pamumuhunan mula sa Kanluran ay natatakot sa arbitraryo at mapanlinlang na katangian ng bagong monopolyong burgesya at sa mabilis na pagdaralita ng mga mamamayan. Sa anu't anuman, ang pasok ng dayuhang salapi mula sa ganitong tipo ng pamumuhunan ay ginagamit ng bangkaroteng pamahalaan para mag-angkat ng mga kalakal na pangkonsumo.

Marami sa mga bayang dating pinagharian ng mga rebisyonista ay lubusan o bahaging dumausdos na sa mga kondisyong sosyoekonomiko ng ikatlong daigdig. Nag-iinit ang mga kondisyon tungo sa mga digmaang sibil at mga digmang kriminal sa hanay ng mga burukratikong pangkatin. Kay bilis na nawawalan ng reputasyon ang mga rehimeng lantarang antikomunista. Nagsisipanumbalik ang mga rebisyonista na nagwawasiwas ng mga pinaghalong islogan ng sosyal-demokrasya, neoliberalismo at nasyonalismo. Gayon man, ang patuloy na paglala ng mga kondisyon ay matabang lupa sa pagsulong ng nasyonalismong burges at pasismong militar. Ang mga obhetibong kondisyon ding ito ay matabang lupa rin sa pagsulong ng mga proletaryong rebolusyonaryong partido. Subalit kailangang harapin ng mga partidong ito ang ilampung taon ng rebisyonistang panlilinlang at ang kasalukuyang malakas na mga pwersa ng kapitalismo.

Ang lubos na nakararami sa mga bansang-estado sa Asya, Aprika at Amerika Latina ay nananatiling napakaatrasado, agraryo at produktor ng mga hilaw na materyal. Sila pa rin ang pinakabiktima ng imperyalismo at neokolonyalismo. Sapul noong dekada '70, pinaghihirap sila ng sobrang produksyon ng mga hilaw na materyal, depresyon ng ekonomya, maramihang kawalan ng hanapbuhay, papasamang mga kondisyon sa kalakalan, papalaking pasaning utang at papalaking netong paglabas ng kapital. Kahit sa malalaking bayang tulad ng Tsina, India at Brazil, na nakapagtayo ng pundasyong industrial o kaya'y ilang mabibigat at saligang industria, may malaking bilang ng mga magsasaka at iregular na trabahador sa kanayunan sa mga liblib na lugar.

Sa nakaraang 50 taon, pinananatiling atrasado ng pinakamakina ng imperyalismo ang karamihan sa mga bayan sa ikatlong daigdig samantalang pinadadausdos sa landas ng de-

industrialisasyon ang ilan. Iilang ekonomya lamang (kabilang yaong sa Taiwan, Timog Korea at Brazil) ang hinayaang umunlad ng mga imperyalista mula sa pagiging agraryo tungo sa pagkakaroon ng pundasyong industrial o signipikanteng bilang ng mga saligang industria. Mas maraming bayan ang nagkaroon ng industrial na pundasyon o mga saligang industria pangunahi'y dahil sa sosyalismo (Tsina, Hilagang Korea at iba pa), at pangalawa'y dahil sa burges na nasyonalismo (India, Ehipto at iba pa). Ang industrialisasyon o bahagyang industrialisasyon ng mga walong bayan sa Asya at Amerika Latina sapul noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay hindi nangangahulugan ng industrialisasyon ng natitirang mahigit na 150 bayan ng ikatlong daigdig na atrasado pa rin ang mga ekonomya.

Ang mga bayang nakasalalay sa produksyon ng hilaw na materyal na pang-eksport ay nasadlak sa kapahamakan sapul pa noong dekada '70 dahil sa sobrang produksyon ng mga hilaw na materyal na itinulak ng malalaking halaga ng utang na dayuhan para sa produksyon ng mga ito at para sa imprastruktura. Kasunod ng paglarga ng produksyon ng langis sa Hilagang Atlantika, kahit ang OPEC (organisasyon ng mga bansang produktor at eksporter ng langis) ay nawalan ng malaking bahagi ng lakas na panikwas nito sa harap ng mga industrial na bayang kapitalista, at kahit ang Unyon Sobyet ay hindi na makakuha ng sapat na kita mula sa eksport na langis para tustusan ang kanyang bagong monopolyong burgesya, pakikipagkaskasan sa armas, at mga nalalabing serbisyong panlipunan.

Patuloy sa pagsama ang mga sosyoekonomikong kondisyon ng mga bayan ng ikatlong daigdig na limitado sa produksyon ng hilaw na materyal na pang-eksport. Ang pagkabawas ng kita sa eksport at ang paggawa ng mga hakbanging pangkatipiran ay nagluluwal ng laganap na kaguluhang pampulitika, kabilang ang mga digmaang sibil, kudeta at kontra-kudeta sa pagitan ng mga pangkating burukratiko. Ginagamit ng mga imperyalista at mga bulok na pangkating burukratiko ang nasyonalismong burges at mga dipagkakaunawaang etniko, panlahi at panrelihyon upang iligaw ang masa at ilayo sila sa rebolusyonaryong landas.

Labas sa mga mayor na industrial na bayang kapitalista, ang mataas na sampung porsyento sa tuktok ng populasyon sa mga minor na bayang kapitalista at ang manipis na tuktok na suson sa mga bayan ng ikatlong daigdig ang bumubuo ng pamilihan ng kotse, pinakabagong elektronikong produkto na pangkonsumo at iba pang magarbong produktong pangkonsumo. Subalit ang pamilihang ito ay hitik na at ang iba pang potensyal na pamilihan ay kumikipot dahil sa umiiral na krisis ng sobrang produksyon, ng nauna pang krisis ng sobrang produksyon ng mga hilaw na materyal, ng sobrang pang-aabuso ng monopolyo-kapitalismong estado, kapital na pampinansya at neokolonyalismo, at, mangyari pa, ng tumataas na antas ng dimagamit na kapasidad sa produksyon at pandaigdig na kawalang hanapbuhay.

Matagaltagal na ring mabilis na winawasak ng mga supermonopolyo ang mga pwersang produktibo at mabilis na nalilikha ang mga kondisyon sa deindustrialisasyon ng lubos na nakararami sa mga bayan sa daigdig. Hindi tumpak na sabihing iniindustrialisa ng imperyalismo ang buong daigdig at ginagawa nitong pinakamalaking uri ang proletaryado sa lahat o sa karamihan sa mga bayan ng ikatlong daigdig. Ang ganitong idea ay lihis sa katotohanan, kontrarebolusyonaryo at rasista pa nga, lubha pa't kung isinisisi sa mga aping bansa at mamamayan ang umano'y pang-aagaw ng trabaho sa mga manggagawa sa mga industrial na bayang kapitalista. Ang rebolusyong Pilipino ay mas tipikal, kaysa natatangi, kung ikukumpara sa pangkalahatang katangian ng mga bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina sa punto ng sosyoekonomiko at pampulitikang pandarambong ng imperyalismo at lokal na reaksyon.

Dahil sa mas mahigpit na integrasyon sa pandaigdig na sistemang kapitalista, ang malalaking bayang tulad ng Tsina at India, na nagkaroon ng baseng industrial o mabibigat at saligang industria dahil sa sosyalismo o nasyonalismong burges, ay nabibiktima ng tagibang na pagpasok ng pamumuhunan, kompradorisasyon at panibagong pyudalisasyon. Ang mayorya ng mga mamamayang nasa kalibliban ng mga bayang ito ay malayong mas masahol ang kondisyon sa pagkaapi at pagkakasamantala kaysa noong bago mangyari ang lantarang integrasyon sa pandaigdig na sistemang kapitalista. Kahit ang mga patakbuhing pagmamanupakturang pang-eksport sa mga baybaying lalawigan ng Tsina at sa iba pang ekonomya ng Silangang Asya ay humaharap ngayon sa banta ng bawas na pedido mula sa mga industrial na bayang kapitalista.

Ang mga pondong portfolio mula sa mga bayang imperyalista na tumutustos sa mataas na konsumo at nagtatakip sa mga depisit sa badyet at kalakal sa Silangang Asya at Amerika Latina sapul noong 1983 ay nagsisibalik na sa mga industrial na bayang kapitalista sapul noong kalagitnaan ng 1994 at nang bumagsak ang pisong Mehikano noong Disyembre1994. Yaong mga bayang nakasandig sa ganitong tipo ng umiikot na mga pamumuhunan at ipinagpapasikat na "mga sumisibol na pamilihan" ay naiiwang salanta ang ekonomya at may utang sa dayuhan na mas mabilis pang pinalalaki ng pagbebenta ng mga sertipikong publiko kung ikumpara sa opisyal at komersyal na pangungutang bago sumapit ang 1982. Ang pag-alpas pababalik ng ispekulatibong kapital tungo sa mga industrial na bayang kapitalista ay lalong ikinalulubha ng sobrang konsentrasyon ng kapital sa mga bayang ito.

Nananatiling tumpak ang kritik o puna ni Lenin sa modernong imperyalismo gayundin ang kanyang teorya tungkol sa dipantay na pag-unlad. Hindi naluluma si Lenin sa kabila ng teorya ni Kautsky tungkol sa ultraimperyalismo, sa mga kabalighuan ng "lipunang lipas-industrial" o umano'y post-industrial society, at ng kay Immanuel Wallerstein na sistemang pandaigdig. Ang daigdig ay nasa panahon pa rin ng modernong imperyalismo at proletaryong rebolusyon. Magpahanggang ngayon, hindi pa nakapangingibabaw ang sosyalismo sa kapitalismo sa saklaw ng mundo. At higit dito, ipinagkanulo ng mga rebisyonistang naghaharing pangkatin ang sosyalismo sapul noong 1956 at winaldas nila ang mga rebolusyonaryong tagumpay na nakamtan ng proletaryado at mga mamamayan sa una at ikalawang yugto ng pangkalahatang krisis ng kapitalismo, na humantong sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig na ayon sa pagkakasunudsunod ay nagsilang ng unang estadong sosyalista at kapagdaka'y ilan pang estadong sosyalista.

Kahima't ang pandaigdig na pagtatagumpay ng sosyalismo laban sa kapitalismo _ natanaw ng mga pulong sa Moscow noong 1957 at 1960 bilang bunga na ipinalagay na ikatlong yugto sa pangkalahatang krisis ng kapitalismo _ ay hindi naganap dahil sa rebisyonistang pagtataksil, ang krisis ng sobrang produksyon ng pandaigdig na sistemang kapitalista ay lumala at lumalim mula sa antas ng relatibong bahagyang resesyon ng mga dekada '50 at '60 tungo sa patuloy na paglala sapul noong dekada '70, na nagbubunga na ng mas mataas at nagtatagal na mga antas ng disempleyo at tuluytuloy na pagliit ng tunay na kita ng proletaryado.

Mula sa pagkalusaw ng Unyon Sobyet at ng mga rebisyonistang rehimen sa Silangang Europa hanggang sa pagdiriwang nitong 1995 ng mga tagumpay ng mga Alyadong Kapangyarihan, ipinagsasasabi ng US at iba pang imperyalistang bayan na ang sosyalismo umano ang pinakamalubhang salot na dumapo sa sangkatauhan, wari ba'y hindi ang monopolyo kapitalismo ang siyang nagpakawala sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, gayundin ng dimabilang na mga kilos sa madugong digmang pananalakay at panghihimasok sa takbo ng malamig na digmaan.

Pumasok na ang daigdig sa pinakamasamang panahon ng kronikong krisis ng naghihingalong kapitalismo sapul nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at nasa proseso ang imperyalismo ng pagpapakawala _ laban sa mga mamamayan _ ng mga lagim na mas masahol pa roon sa mga pinakawalan nito noong malamig na digmaan. Gayon man, ang kamatayan ng kapitalismo sa alinmang dako ng daigdig ay magaganap lamang sa pamamagitan ng mga rebolusyonaryong pwersa ng mga mamamayan sa pamumuno ng proletaryado at ng partido nito. Para makapagrebolusyon, ang partido ng proletaryado ay gumagawa ng kongkretong pagsusuri ng kongkretong kalagayan sa daigdig at sa bayang kinalalagyan nito.

Itinuturing ng Partido Komunista ng Pilipinas bilang internasyonalistang tungkulin ang maglunsad ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ito ang dahilan kung bakit ang Partido at ang sambayanang Pilipino ay kabilang sa mga nasa unahan ngayon ng pandaigdigang pakikibakang antiimperyalista para sa sosyalismo. Buong pananabik na hinihintay at pinasisigla nila ang proletaryado at mga mamamayan ng daigdig na magsulong ng kanilang rebolusyonaryong kamalayan at pakikibaka sa isang bago at mas mataas na antas sa kanikanilang bayan.

Ang mga kadre at kasapi ng Partido na nakatalaga sa gawaing internasyonal at nakabase sa loob man o labas ng Pilipinas ay pinapatnubayan ng proletaryong internasyonalismo alinsunod sa mga prinsipyo ng kasarinlan, pagkakapantaypantay, mutwal na kapakinabangan at pagtutulungan sa pagpapaunlad ng mga relasyon sa mga partido komunista at partidong manggagawa at mga rebolusyonaryong kilusan. Pinauunlad nila ang mga relasyon batay sa iba't ibang antas ng pagkakaunawaan sa ideolohya at pulitika. Hinihimok nila ang mga kababayang Pilipino sa ibayong-dagat na mag-organisa at lumahok at sumuporta sa rebolusyong Pilipino at sa pakikibaka ng mga manggagawa sa bayang kinalalagyan nila.

Sa mga bilateral na relasyon sa mga partido at organisasyon sa labas ng bayan, ang Partido ay lumalahok sa palitan ng mga idea at karanasan. Dumadalo ito sa mga multilateral na porum at seminar upang makipagtalakayan tungkol sa mga isyung ideolohikal at internasyonal, magsikap na paunlarin ang pag-uunawaan sa pamamagitan ng konsensus, at magpursigi na muling itayo ang internasyonal na kilusang komunista at higit pang patibayin ang pagkakaisang antiimperyalista.

Itinataguyod natin ang Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa gayo'y pinupuna ang modernong rebisyonismo at ang panunumbalik ng kapitalismo. Pero kaalinsabay nito'y pinaninindigan natin ang pagpapaunlad ng antiimperyalistang nagkakaisang prente upang masamantala ang mga lumalaking kontradiksyon sa pagitan ng monopolyong burgesya at ng proletaryado sa mga bayang kapitalista at sa buong daigdig, sa pagitan ng mga imperyalista at mga inaaping bansa at mamamayan, sa pagitan ng mga luma at bagong kapitalistang bayan, at sa pagitan ng mga imperyalista.

Ang ating Partido ay sumusuporta at nakikipagtulungan sa mga bayan, bansa, mamamayan, partido at kilusan hanggat naninindigan sila laban sa mga mapang-api at mapagsamantalang gawi ng mga imperyalistang estado. Kinikilala natin ang pagkakaiba at diyalektika sa pagitan ng ideolohikang integridad ng PKP bilang partidong Marxista-Leninista at ng praktikang pulitika na kailangan sa pagkakaisang antiimperyalista. Ang mga proletaryong rebolusyonaryo ay dapat makipagkapitbisig sa nakararami sa mga mamamayan ng daigdig na lumalaban sa imperyalismo para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo. **Ang Ating mga Tungkulin** Bilang pagtatapos, hinihikayat ng Komite Sentral

ng Partido Komunista ng Pilipinas ang lahat ng kadre at kasapi ng Partido na magkaisa nang higit kaysa dati at higit pang itaas ang rebolusyonaryong kakayahan ng Partido at mga mamamayan alinsunod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, ipagpatuloy hanggang sa matapos ang kilusang pagwawasto at tupdin ang mga tungkulin para sa 1966 batay sa itinakda ng pagtatasa ng Hulyo 1966.

Higit pa nating palakasin ang Partido sa ideolohya. Isanib natin ang teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa mga kongkretong kalagayan ng ating bayan at sa ating rebolusyonaryong praktika. Itakwil natin ang rebisyonismo at subhetibismo. Gamitin natin ang kilusang pagwawasto upang gawing buhay at muling pasiglahin ang ating pag-aaral at gawaing ideolohika.

Kahimat naisagawa na natin ang pagwawasto sa sarili nating mga organo at yunit ng Partido, patuloy nating palalimin ang paglalagom at pagsusuri sa ating mahabang karanasan at kasalukuyang gawain, gawin ang mapagkasamang punahan at puna sa sarili, at linawin sa ating sarili ang mga pangkalahatan at partikular na tungkulin. Walang-puknat nating ugatin, tukuyin, punahin at itakwil ang mga maling agos sa ideolohya na nagmumula sa mataas na antas gayon din sa sarili nating antas ng gawain.

Gamitin natin ang mga dokumento ng pagwawasto upang gawing buhay at mayaman ang ating pormal na kursong pampartido sa primarya, segundaryo at sulong na antas. Pabilisin natin ang pagdaraos ng tatlong kursong ito at ang kinakailangang pagsasalin, pagpaparami at pamamahagi ng mga materyal sa pag-aaral. Bigyan natin ng masusing pansin ang edukasyong pampartido ng ating mga kadre at kasapi mula sa hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Lahat ng organo at yunit ng Partido at lahat ng indibidwal na kasapi ng Partido ay hinihikayat na magbasa at mag-aral ng mga materyal na ito alinsunod sa mga balangkas at silabus ng kurso bago pa man ang pormal na kurso ng pag-aaral.

Patuloy tayong sumulong sa pagpuna at pagtatakwil sa mga kontra-rebolusyonaryong idea na nagbabalatkayong progresibo at nagmumula sa labas. Dapat nating sagutin ang opensibang pang-ideolohya ng mga imperyalista. Sa pandaigdig na kilusang komunista, patuloy nating gawing gabay ang proletaryong internasyunalismo at ang paninindigan para sa sosyalismo laban sa modernong rebisyonismo.

Higit pa nating palakasin ang Partido sa pulitika. Patuloy na itaas at patalasin ang ating pag-unawa sa malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino at sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Gumawa tayo ng mga panlipunang pananaliksik at pagsisiyasat at maglunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka ayon dito.

Matatag at militanteng ilunsad natin ang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa rehimeng US-Ramos at sa buong naghaharing sistema. Kailangang pamunuan ng Partido ang mga mamamayan sa paglaban sa tumitindi't lumalawak na pang-aapi at pagsasamantala. Dapat nating samantalahin ang lumalalang krisis ng panloob na sistema ng paghahari at ng pandaigdig na kapitalistang sistema.

Ang rebolusyonaryong pulitika ay dapat mamatnugot sa lahat ng gawain natin. Dapat nating sundin ang rebolusyonaryong linya sa uri at ang linyang pangmasa. Dapat pamunuan ng Partido ang sandatahang pakikibaka bilang prinsipal na anyo ng pakikibaka at dapat nitong paunlarin ang nagkakaisang prente upang mapalawak ang paglahok sa sandatahang pakikibaka at legal na kilusang masa.

Sa kasalukuyang bahagi ng yugto ng estratehikong depensiba ng ating matagalang digmang bayan, gawin natin ang laganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa. Palawakin at patatagin natin ang ating baseng masa. Patuloy nating pagsanibin ang sandatahang pakikibaka, reporma sa lupa at pagtatayo ng baseng masa at paunlarin ang mga ito nang yugtuyugto.

Ilunsad natin ang legal na demokratikong kilusang masa nang may higit na kapasyahan at sigla kaysa rati. Patuloy nating ilantad at kondenahin ang sakim at makahayup na pandarambong sa mga mamamayan ng mga dayuhang kapitalista at lokal na reaksyunaryo. Patuloy nating itaguyod ang mga saligang kahilingan ng mga mamamayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Atupagin natin ang solidong pag-oorganisa sa masa bilang batayan ng mga kampanyang masa. Bilang ganti, ang mga kampanyang masa ay tumutungo sa soliding pag-oorganisa sa pamamagitan ng masikhay na gawaing masa.

Palakasin natin ang Partido sa organisasyon. Sa ilalim ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo, palakasin natin ang pagkakaisa alinsunod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon. Sa ilalim ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo, itaguyod natin ang disiplina at panloob na demokrasya. Kilanlin natin ang dipantay na pag-unlad ng mga kasapi ng ating Partido at, batay sa pagkilalang ito, magtulungan tayo sa palagiang pagtataas ng ating rebolusyonaryong kamalayan at kakayahan at ng ating pangkalahatang antas ng pag-unlad.

Agapan nating magrekluta ng mga kandidatong kasapi ng Partido mula sa hanay ng mga sulong na rebolusyonaryong aktibistang masa at agapang maitaas sila sa pagiging ganap na kasapi. Tupdin natin ang target sa pagrekluta ng 10,000 bagong kasapi ng Partido bago magtapos ang 1996.

Sa takbo nito ay itaas natin ang proporsyon ng mga kasapi ng Partido mula sa hanay ng uring manggagawa at uring magsasaka. Patuloy din tayong magrekluta ng mas maraming kasapi mula sa hanay ng mga kabataang may pinag-aralan. Dapat tayong magtalaga sa kanayunan ng mas maraming kasapi at kandidatong kasapi ng Partido mula sa hanay ng mga manggagawa at kabataang may pinag-aralan.

Itaguyod natin ang pagsalig-sa-sarili sa hanay ng lahat ng pangrehiyong organisasyon ng Partido at ng buong rebolusyonaryong kilusan. Kaalinsabay nito, ang Komite Sentral ay dapat kumuha ng tauhan at rekurso mula sa mga may-kalakasang pangrehiyong organisasyon ng Partido upang palakasin ang mga organisasyon ng Partido na may-kahinaan o kaya'y matinding sinasalakay ng kaaway.

May tiwala tayo na sa pagtatapos ng taong papasok ay mas malalaking tagumpay ang matatamo natin sa mga larangan ng ideolohya, pulitika at organisasyon upang maabot natin ang isang bago at mas mataas na antas ng lahatang-panig na pag-unlad sa ating rebolusyonaryong pakikibaka.

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

Mabuhay ang rebolusyong Pilipino!

Mabuhay ang sambayanang Pilipino!#